

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuarter 2

Aralin

3

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8
Kuarter 2: Aralin 3 (Linggo 3)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

Tagasuri:

- Noel A. Ybañez

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

VALUES EDUCATION / KUWARTER 2 / BAITANG 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbibigay-halaga sa kabutihang dulot ng pamilya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagbibigay-halaga sa mga kabutihang dulot ng pamilya upang malinang ang pagiging mapagpasalamat.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naisasabuhay ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng palagiang pagdiriwang ng mga munting tagumpay na nakamit sa tulong ng mga positibong katangian ng pamilyang kinabibilangan. - Nakakikilala sa mga kabutihang dulot ng pamilya sa sarili. - Naipaliliwanag na ang pagbibigay-pansin at halaga sa kabutihang dulot ng pamilya ay nakatutulong upang lubos na maunawaan ang sarili. - Nailalapat ang mga sariling paraan ng pagbibigay-halaga sa mga kabutihang dulot ng pamilya.
D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)	Mapagpasalamat (Gratitude)
E. Nilalaman	Pagbibigay-halaga sa Kabutihang Dulot ng Pamilya A. Mga Kabutihang Dulot ng Pamilya sa Sarili B. Paglalapat ng Sariling Paraan ng Pagbibigay-halaga sa Kabutihang Dulot ng Pamilya
F. Integrasyon	

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Austria, L. (2022, July 24). *Pagiging mapagpasalamat, paano nakatutulong sa mental health?* Hello Doc <https://hellodoctor.com.ph/fil/mabuting-pag-iisip/pagiging-mapagpasalamat/>

Children learn what they live© - Official site. (n.d.). <https://childrenlearnwhattheylive.com/>

Freddie Aguilar – Anak. (n.d.). Genius. <https://genius.com/Freddie-aguilar-anak-lyrics>

identity. (2024). In *Merriam-Webster Dictionary*. <https://www.merriam-webster.com/dictionary/identity>

Li, P. (2024, April 27). *The importance of family (10 powerful reasons)*. Parenting for Brain. <https://www.parentingforbrain.com/why-is-family-important/>

Luna, M. R. (2023, May 18). *Ang Kapangyarihan ng Pasasalamat: Paano Ang Pagpapalago ng Kagalakan sa Pagpapasalamat Ay Maaaring Magbago ng Inyong Buhay*. HRDO. <https://hrdo.uplb.edu.ph/learning-and-development/ang-kapangyarihan-ng-pasasalamat-paano-ang-pagpapalago-ng-kagalakan-sa-pagpapasalamat-ay-maaaring-magbago-ng-inyong-buhay/>

nutrition. (2024). In *Merriam-Webster Dictionary*. <https://www.merriam-webster.com/dictionary/nutrition>

Pinoy Collection. (2018, October 17). *Tula Tungkol sa Pamilya (6 Tula)*. <https://pinoycollection.com/tula-tungkol-sa-pamilya/#Ang-aking-Pamilya>

Regina B., Romualdes C., Sheryll G. Marie L., Marivic L., Eugenia M., Marie Ann O., Rhemay P., *Edukasyon sa Pagpapakatao 8.Modyul Para sa Mag-aaral. Kagawaran ng Edukasyon*

social life. (2024). In *Merriam-Webster Dictionary*. <https://www.merriam-webster.com/dictionary/social%20life>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

UNANG ARAW

1. Maikling Balik-aral

Sa gawaing ito, iparinig o ipabasa sa mga mag-aaral ang kanta ni Freddie Aguilar na pinamagatang "Anak" at itanong ang mga katanungan.

Anak Freddie Aguilar

Noong isilang ka sa mundong ito
Laking tuwa g magulang mo
At ang kamay nila ang iyong ilaw

At ang nanay at tatay mo'y
Di malaman ang gagawin
Minamasdan pati pagtulog mo

Maaring ipabasa ang kanta gamit ang printed sheet:
<https://genius.com/Freddie-aguilar-anak-lyrics>

Maaaring gamitin ang cite na ito para sa kanta na iparirinig sa mga mag-aaral:
<https://www.youtube.com/watch?v=2jihrrzArns>

At sa gabi'y napupuyat ang iyong nanay
Sa pagtimpla ng gatas mo
At sa umaga nama'y kalong ka
Ng iyong amang tuwang-tuwa sa'yo

Ngayon ay malaki ka na
Nais mo'y maging malaya
Di man sila payag, walang magagawa

Ikaw nga ay biglang nagbago
Naging matigas ang iyong ulo
At ang payo nila'y sinuway mo

'Di mo man lang inisip na ang
Kanilang ginagawa'y para sa'yo
'Pagkat ang nais mo'y masunod ang layaw mo
'Di mo sila pinapansin





Nagdaan pa ang mga araw
At ang landas mo'y naligaw
Ikaw ay nalulong sa masamang bisyo

At ang una mong nilapitan
Ang iyong inang lumuluha
At ang tanong, "Anak, ba't ka nagkaganyan?"

At ang iyong mga mata'y biglang lumuha
Nang 'di mo napapansin
Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali

Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali
Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali

	Itanong: 1. Base sa awitin, ano-ano ang mga pagsubok na pinagdaanan ng pamilya? 2. Paano nalutas ang suliranin? 3. Bukod sa nabanggit sa awitin, ano pa ang mga pagsubok na pinagdadaanan ng pamilya? 4. Ano ang mainam na tugon sa mga nararanasang pagsubok sa pamilya? 5. Bakit mahalaga na magkaroon ng positibong pananaw sa buhay kapag dumaranas ng pagsubok? Ipaunawa na ang positibong pananaw sa buhay ay nakakatulong upang malampasan ang mga pagsubok sa buhay, maunawaan at matanggap ang iba't ibang pangyayari sa pamilya mabuti man ito o hindi. Sa bawat pagsubok na mapagtatagumpayan, mainan na ito ay ipagdiwang at ipagpasalamat bilang isang pamilya.	
B. Paglalahad ng Layunin	I. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Gawain 1: Natutunan ng Bata sa Kanyang Pamumuhay (7 minuto) Ipaunawa na sa araling ito naglalayong mapahalagan ang mga mabubuting nagagawa at naidudulot ng pamilya sa sarili at paano ipapahayag ang pasasalamat sa mga kapamilya. II. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Gawain 2: Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (5 minuto)	Gawain 1: Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral. Children Learn What They Live na isinulat ni Dorothy L. Nolte: https://childrenlearnwhattheylive.com/ Maaaring balikan ng guro at bigyang diin ang pamilya bilang unang paaralan ng buhay. Isa itong maliit na yunit ng lipunan kung saan dito unang nahuhubog ang kagandahang asal gaya ng pananampalataya, paggalang, pagmamahal, pag-unawa sa kapuwa at sa iba pang kasapi ng pamilya.

		Gawain 2: Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral. KASAGUTAN: 
C. Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 1: Mga Kabutihang Dulot ng Pamilya sa Sarili I. Pagproseso ng Pag-unawa Natutuhan sa mga nakaraang aralin na ang pamilya ay binubuo ng tatay, nanay at mga anak na nakatira sa iisang bubong. Sa paglipas ng panahon at mga pagbabagong kinakaharap ng pamilyang Pilipino, may mga pamilya na hindi kasama sa isang bubong ang kanilang tatay o nanay dahil marahil sa trabaho o mga situwasyon sa pamilya. Maaari ding ang mga tumatayong magulang mo ay hindi mo tunay na magulang. Sa kabila ng mga situwasyong ito nananatili na ang pamilya ang orihinal at unang paaralan ng buhay. Ang tahanan ang munting paaralan para sa kinakailangang pagkatuto. Marami itong itinuturo sa atin mga pagpapahalaga gaya ng pagmamahalan, pananampalataya, pagtutulungan, pagpapasalamat at marami pang iba. Dahil dito masasabi natin na ang pamilya ay may malalim na impluwensya sa ating buhay. Ito ay isang yunit na nagbibigay suporta, pagmamahal, at pagkalinga sa isa't isa. Puso ng kabutihan Gamit ang sagutang papel, ipasulat sa mga puso ang tatlong mabubuting naidulot ng pamilya sa kanila. Pagkatapos sagutan, tumawag ng magbabahagi.   	

	Ibahagi ang ilan sa mga mabubuting dulot ng pamilya sa sarili. Maaring balikan ang mga ibinigay ng mga mag-aaral na halimbawa Kabutihang Dulot ng Pamilya sa Sarili Pagbibigay ng suportang pang-emosyonal. Ang pamilya ay nagbibigay ng emosyonal na suporta sa ating mga pagsubok at kalungkutan. Sila ang unang taong tinatawagan natin kapag may problema tayo o kailangan natin ng payo. Napauunlad ang sariling pagkakakilanlan at pagiging kasapi ng pamilya. Ang pamilya ay nagbibigay sa atin ng ating pagkakakilanlan. Ito ay nagpapalakas sa ating pagkatao at nagbibigay sa atin ng kahulugan sa buhay. Mahalagang misyon ng pamilya ang edukasyon at pagsasabuhay ng pananampalataya. Ang mga magulang o tumatayong magulang ang gumagabay sa atin upang lumaki at umunlad sa mga pagpapahalaga at maisabuhay ang misyon ng Diyos. Ang pamilya ang orihinal na paaralan ng mga pagpapahalaga. pagmamahal. Sa pamilya, natututuhan natin ang mga halaga tulad ng paggalang, pagmamahal, at pagtitiwala. Ito ay nagbubunga ng magandang asal at pag-uugali. Sa pamilya unang naranasan kung paano mahalin upang ganap niyang matutuhan kung paano magmahal. Ang pamilya ang una at walang makapapalit na paaralan para sa panlipunang buhay. (<i>the first and irreplaceable school of social life</i>). Sa pamamagitan ng ating pamilya, natutuhan natin ang pagbibigay at pagtanggap ng suporta o tulong para sa nangangailangan. Ang pamilya ang tumutulong sa pag-unlad ng kakayahan: Ang pamilya ay nagbibigay ng oportunidad para sa pag-unlad ng ating mga kakayahan. Sila ang unang sumusuporta sa ating mga pangarap at ambisyon. Ang pamilya ang tumutugon sa pangangailangang pangkalusugan at nutrisyon: Ang pamilya ay nagbibigay ng pagkain, kalusugan, at nutrisyon. Sila ang nag-aalaga sa ating pisikal na kalusugan. Ang pamilya ang pumapatnubay sa moral na pag-unlad. Hinuhubog ng mga magulang ang ating moral na pag-unlad sa pamamagitan ng pag-modelo ng etikal na pag-uugali at pagtuturo ng tama mula sa mali.	Kabutihang Dulot ng Pamilya sa Sarili Maaring magdagdag ng paliwanag at mga epekto ng mga ito sa mental health, pagtingin sa sarili at sa pagkatao. Pagbibigay ng suportang pang-emosyonal. Ipaliwanan na ang mga kabataan na nakatanggap ng emosyonal na suporta mula sa kanilang mga pamilya sa panahon ng pagkabata ay maaaring mas mababa ang sintomas ng depresyon, ayon sa isang pag-aaral na nailathala sa American Psychological Association's journal 2004 "Psychology at Aging". Ang isang maayos na pamilya na may mabuting pagpapalaki sa mga anak ay nagkakaroon ng mas mahusay na paraan ng pamamahala sa emosyon, mas mataas ang tiwala sa sarili, mas mabuti ang kalusugang mental, mas maayos ang sosyal na kakayahan, at mas matatag. Napauunlad ang Sariling Pagkakakilanlan at Pagiging Kasapi ng Pamilya.
--	--	---

IKALAWANG ARAW

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Gawain 3: Pagsusuri ng Tula (10 minuto)

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Ang Aking Kwento

Alalahanin mo ang mga makabuluhang panahon kung saan mayroon kang mahalagang natutunan dahil sa impluwensiya ng mga kasapi ng iyong pamilya. Simula sa edad na naaalala, isulat ang isang pangyayaring naranasan mo na pangalawang hanay, ang mabuting dulot sa iyo o aral na napulot sa pangyayari sa ikatlong hanay at sa panghuling hanay naman ay kung kaninong kasapi ng iyong pamilya mo ito natutuhan.

EDAD	KARANASAN/ PANGYAYARI	NATUTUNANG ARAL MULA SA KARANASAN	MIYEMBRO NA NAGTURO SA IYO
Bago mag-limang taong gulang			
5-7 taong gulang			
8-10 taong gulang			
11-13 taong gulang			

Pamprosesong katanungan:

- Ano ang naramdaman mo habang ginugunita ang mabuting dulot ng pamilya sa iyo?
- Paano nakaimpluwensiya sa paghubog ng iyong pagkatao ang mga mabuting dulot sa iyo ng iyong pamilya?
- Ano ang katangian ng iyong magulang ang nais mong tularan kapag ikaw ay nagkaroon na rin ng sariling pamilya? Ano naman ang nais mong baguhin?

Bilang mga sosyal na nilalang, ang pagiging kabilang sa isang grupo ay mahalaga para sa ating pakilala sa sarili (*self-concept*). Ang pamilya ay nagbibigay ng panlipunang pagkakakilanlan (*social - identity*), pagkilala sa sarili (*sense of self*), at isang pakiramdam na tayo ay kabilang sa isang bagay na mas malaki kaysa sa ating sarili

Gawain 3: Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.

4. Ang pamilya ang orihinal na paaralan ng pagmamahal.

Ipaunawa na ang tunay na pagmamahal ay walang hinihintay na kapalit (*radical and unconditional love*). Ito ay wagas at walang materyal o di-materyal na dahilan. Sa pamilya, binibigyang-halaga ang kasapi dahil sa pagiging tao niya, hindi dahil sa kaniyang kontribusyon o magagawa sa pamilya. Kung walang pagmamahal, ang pamilya ay hindi ganap na iiral, lalago, at hindi makakamit ng mga miyembro nito ang kaganapan.

	IKATLONG ARAW Kaugnay na Paksa 2: Paglalapat ng Sariling Paraan ng Pagbibigay-halaga sa Kabutihang Dulot ng Pamilya I. Pagproseso ng Pag-unawa Gawain 5: Pusuan Mo! (3 minuto) Tumawag ng mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang paraan ng pagpapahalaga sa kabutihang dulot ng kani-kanilang pamilya. Pagbabasa ng kwento: Basahin at unawaing mabuti ang kwento ng pamilyang mapagpasalamat Noong isang araw, sa isang maliit ngunit masayang bahay sa isang magandang bayan, nanirahan ang pamilya ng mga Fernandez. Ang pamilya ay binubuo nina Miguel at Ana, at ang kanilang dalawang anak na sina Diego at Sofia. Sa tuwing alas-siyete ng gabi, habang nagluluto ng mainit na hapunan sa kusina, si Miguel ay madalas na magbukas ng usapan tungkol sa kanilang pasasalamat. Tinuturo niya sa kanyang mga anak at asawa ang halaga ng pagiging mapagpasalamat sa bawat biyaya na natatanggap nila. Sinasabi niya na ang pagiging mapagpasalamat ay isang paraan ng pagpapahalaga sa mga bagay-bagay na minsan ay iniisip lang natin na karaniwan. Sa isa't isa, nagbahagi sila ng kanilang mga bagay na dapat ipagpasalamat sa buhay. Ipinapaalala ni Ana na bagamat maaaring may mga hamon at pagsubok, ang bawat araw ay mayroong rason upang magpasalamat. Si Diego naman ay nagpapasalamat para sa kanyang mga kaibigan sa paaralan, samantalang si Sofia ay nagpapasalamat para sa mga pagkakataon na sila'y magkakasama ng pamilya. Isang araw, sa pagdating ng Pasko, pinili ng pamilya na gawing espesyal ang kanilang selebrasyon. Sa halip na mag-fiesta o gumastos nang malaki sa mga regalo, nagpasya silang mag-volunteer sa lokal na pantry, nagbibigay ng mga pagkain sa mga nangangailangan. Sa pagkakataong ito, mas lalo nilang natutunan ang halaga ng pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pagtulong sa iba. Sa bawat araw na lumilipas, ang pamilya ng mga Fernandez ay patuloy na nagpapalawak ng kanilang puso at isipan sa pamamagitan ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang natatanggap nila at sa pagbibigay sa iba. Sa simpleng pagpapahalaga sa mga bagay-bagay sa paligid nila, natutunan nilang maging masaya at kontento sa kanilang buhay.	5. Ang pamilya ang una at walang makapapalit na paaralan para sa panlipunang buhay. Ipaliwanan na ang mga pagpapahalgang panlipunan na natutunan sa tahanan ay gagamitin ng bata sa pakikitungo sa kaniyang kapuwa. Samakatuwid, magiging madali para sa kaniyang hanapin ang kaniyang kaganapan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Gawain 5: Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral. Ikatlong Araw Balikan ang tulang "Ang aking Pamilya" ni Julie Ann F. Rosario at bigyang diin ang naging tugon ng anak sa kabutihan ng kanyang mga magulang Hikayatin ang mga mag-aaral na ipaliwanag paano nila isinasagawa sa kanilang pamilya ang mga paraang nilagyan nila ng puso. Hikayatin din silang
--	--	---

	Pamprosesong katanungan: 1. Paano natutunan ng pamilya Fernandez ang halaga ng pagiging mapagpasalamat? 2. Ano ang epekto ng pagiging mapagpasalamat ng pamilya sa kanilang buhay araw-araw? 3. Paano nagsimula ang tradisyon ng pagiging mapagpasalamat sa pamilya Fernandez? Mabuting Dulot ng Pasasalamat Makikita natin na mula sa kwento ng mag-aanak na ito maaring nating mapulot ang aral na ito: 1. Mas mataas na antas ng kaligayahan at kasiyahan: Ang pagiging mapagpasalamat ay nagbibigay ng positibong pananaw sa buhay, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng kaligayahan at kasiyahan sa pamilya. 2. Mas malakas na samahan at koneksyon: Ang pagiging mapagpasalamat ay nagpapalakas ng mga relasyon sa loob ng pamilya. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga at pagpapakita ng pasasalamat sa bawat isa, lumalim ang samahan at koneksyon ng bawat miyembro. 3. Mas malawak na pang-unawa: Ang pagiging mapagpasalamat ay nagtutulak sa mga miyembro ng pamilya na magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa mga sitwasyon at sa mga tao sa kanilang paligid. Ito ay nagbubukas ng mga pintuan para sa mas maraming pagkakataon at posibilidad. 4. Mas matatag na pagharap sa mga hamon: Kapag ang isang pamilya ay mapagpasalamat, mas nagiging handa silang harapin ang mga hamon at pagsubok sa buhay. Ang positibong pananaw at ang kakayahang magpasalamat sa mabubuting bagay sa kabila ng mga pagsubok ay nagbibigay lakas ng loob at determinasyon. 5. Mas mabuting kalusugan at kabutihan: Ang pagiging mapagpasalamat ay konektado sa mas mabuting kalusugan at kabutihan. Ang pagiging positibo at masaya ay may positibong epekto sa pisikal at emosyonal na kalusugan ng bawat miyembro ng pamilya. Sa kabuuan, ang pagiging mapagpasalamat ng isang pamilya ay nagdudulot ng masaganang buhay na puno ng kasiyahan, pagmamahal, at pagkakaisa. II. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain 6: Ang Aking Kwento (10 minuto)	magdagdag sa listahan ng iba pang paraan. Maaaring magtawag ang guro o maaaring gamitin ang <i>link</i> upang bunutin ang pangalan ng mga mag-aaral: https://spinit.connectedpe.com/ Mabuting Dulot ng Pasasalamat Talakayin ang paksang ito upang mapagtibay ang kaalaman ng mag-aaral tungkol sa pasasalamat. Maaaring gamitin ang mga karanasan ng mga mag-aaral upang mas makabuluhan ang talakayan. Gawain 6: Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral. Pinatnubayang Pagsasanay Maaaring magdagdag ng mga situwasyon at pangkatin ang klase ayon sa bilang ng idadagdag na situwasyon
--	---	---

IKAAPAT NA ARAW

III. Paglalapat at Pag-uugnay

Ipagawa sa sagutang papel ang mga gawain

TUNGHAYAN NATIN: Ikaw naman! Ilahad ang naaalalang karanasan tungkol sa pasasalamat na natunghayan mula sa pamilya.

Ang Aking Kwento	Paraan kung paano naipakita ang pasasalamat	Mabuting dulot nito sa akin o ano ang nabagong pananaw tungkol sa pasasalamat

Liham Pasasalamat: Bilang paglalapat ng natutunan mula sa aralin, gumawa ng liham pasasalamat sa bawat miyembro ng iyong pamilya upang bigyang halaga ang mga nagawang kabutihan o natutunan sa mula sa kanila.

Ang Aking Pasasalamat

Aking _____, (ama, ina, kapatid o ibang kasapi ng pamilya)

Ako ay nagpapasalamat sa inyo dahil (maaaring ibigay o ilahad ang mga ipinagpapasalamat sa kanila. Ibahagi rin ang iyong pagmamahal sa kanila)

Lagda: _____

Petsa: _____

Mula sa naging gawain maaaring mapagtibay ng mga mag-aaral ang ugnayan sa pamilya at mahuhubog din ang birtud ng pasasalamat sa kanila.

Ibabahagi ng bawat grupo sa klase ang kanilang kasagutan sa pamamagitan ng pag-uulat. Maaari ring bigyan sila ng iba pang paraan ng paglalahad gaya ng tula, *interpretative dance*, dula-dulaan, o *informercial*

Liham Pasasalamat

Maaring magpagawa sa mga mag-aaral ng sariling design ng papel na gagamitin sa liham pasasalamat. Kung kinakailangan, sumulat sa bawat kasapi ng pamilya. Hikayatin silang ibigay ang gagawing sulat sa mga taong sinulatan nila. Maaaring hilingin din ng guro ang pirma

		ng mga sinulatan kung ito ay kanilang natanggap.
A. Paglalahat	I. Pabaong Pagkatuto Ipasagot ang mga katanungan sa sagutang papel at talakayin ang mga kasagutan. Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi sa bawat bilang. 1. Bakit mahalagang tukuyin ang mga mabuting dulot ng pamilya sa sarili? _____ _____ 2. Paano nakakatulong ang pagdiriwang sa mga nakakamit na tagumpay sa buhay ng pamilya? 3. Kailan mo maaaring masabi na naisabuhay mo nang maaayos ang birtiud ng pasasalamat sa pagbibigay halaga sa kabutihang dulot ng sariling pamilya? _____ _____ II. Pagninilay sa Pagkatuto 1. Bilang isang miyembro ng pamilya, ano ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat sa mabuting dulot ng pamilya sa sarili? _____ _____ 2. Ipaliwanag ang kahulugan ng <i>“Ang tunay na pasasalamat ay may karampatang aksyon at di sa salita lamang”</i> _____ _____	

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	I. Pagsusulit Basahin ang unawaing mabuti ang ipinapahayag ng bawat pangungusap o katanungan. Isulat sa sagutang papel ang tamang kasagutan. 1. Alin ang pinakamabuting magagawa ng magulang sa anak? A. Pagpapakasal ng magulang B. Pagkakaroon ng mabuting ugnayan C. Pag-aaruga sa anak D. Pagtutulungan sa gawaing-bahay	Mga sagot: 1. B 2. C 3. C 4. A 5. D

2. Ano ang ginagampanang papel ng pamilya bilang paaralan ng pagmamahal?
 - A. Nagtuturo ng gawaing bahay
 - B. Nagpapalakas ng ugnayan sa pamayanan
 - C. Nagtuturo ng magagandang asal
 - D. Nagbibigay edukasyon sa mga anak
3. Anong epekto ang maaaring magkaroon ng pagiging mapagpasalamat ng isang pamilya sa kalidad ng buhay ng kanilang mga miyembro?
 - A. Pagiging iba sa iba pang pamilya
 - B. Pagiging mapagkalinga
 - C. Mas mataas na antas ng kaligayahan at kasiyahan
 - D. Pagkakaroon ng matinding adhikain upang maging maayos ang buhay
4. Ano ang impluwensya ng pamilya sa pagiging isang huwarang miyembro ng lipunan ng isang tao?
 - A. Hinuhubog ang pagkatao ng isang tao at mas nakikilala ang sarili.
 - B. Hindi ito nakaaapekto sa pag-unlad ng isang tao
 - C. Ang pamilya ang nagsisilbing gabay upang makamit ang kasarinlan.
 - D. Tinuturuan ang mga kapamilya sa pagpili ng mabuting lider sa lipunan
5. Anong magandang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat sa mga pamilya?
 - A. Pag-iwas sa pagsabi ng mga negatibong kaisipan
 - B. Pagiging walang-pakialam sa kanilang mga ginagawa
 - C. Pagbabahagi ng karanasan sa pamilya.
 - D. Pagbibigay ng yakap

II. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin

Ang Aking Natutunan: Sa isang *short bond paper* kumuha ng isang larawan ng iyong pamilya at idikit ito sa *bond paper*. Obserbahan kung ano ang mga mabuting gagawin nila sa iyo o gagawin mo sa kanila sa loob ng isang lingo. Magtala ng tatlo (3) at kung paano ka tutugon sa kabutihan ng iyong kapamilya? Punan ang *matrix* sa ibaba:

MIYEMBRO NG PAMILYA	MABUTING NATUTUNAN MULA SA KANILA	PARAAN NG PASASALAMAT	PETSA KUNG KAILAN GAGAWIN
<i>Hal.</i> <i>Alejandrina</i> <i>(nanay)</i>	<i>Magsumikap upang makapagtapos ng pag-aaral</i>	<i>Pagbibigay ng liham pasasalamat</i>	<i>Setyembre 4, 2024</i>

Mula sa takdang aralin ng mga mag-aaral, maaaring maglakip ng litrato upang maging ebidensiya ng kanilang pagsasakatuparan ng kanilang ginawang paraan ng pasasalamat sa miyembro ng kanilang pamilya.

	<table><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>																
A. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.													
	Estratehiya																
	Kagamitan																
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral																
	At iba pa																
B. Pagninilay	Gabay sa Pagninilay: <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang pasasalamat sa mga kasapi ng pamilya sa paraang aking ginawa? <u>Mag-aaral</u> Paano ginampanan ng mga mag-aaral ang kanilang gawain?			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa													

	<i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral na maging mapagpasalamat sa kabutihang dulot ng kanilang pamilya?</i> ▪ <i>Pagtanaw sa Inaasahan</i> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas mapahalagahan ng mga mag-aaral ang mga ginagawa ng kanilang kapamilya?</i>	pagkuha ng mga insight ng guro.
--	---	--